

Ang Pagtukso Kay Jesus

(Lucas 4:1-13, Mateo 4:1-11)

Pagkatapos na mabautismuhan si Jesus sa Ilog Jordan, Siya ay napuspos ng Espiritu Santo at dinala ng Espiritu sa ilang. Sa loob ng 40 araw, nanatili Siya roon, nananalangin at naghahanda para sa gawain na Kanyang gagawin. Pero sa panahong iyon, dumating si Satanas para tuksuhin Siya.

Si Jesus ay hindi kumain sa loob ng 40 araw, at Siya'y labis na nagutom. Sinamantala ito ni Satanas at sinabi, "Kung ikaw talaga ang Anak ng Diyos, gawin mong tinapay ang bato na ito."



Tiningnan ni Jesus ang bato at pagkatapos ay tumingin kay Satanas. Alam Niya ang layunin ni Satanas—nais nitong tuksuhin Siya na gamitin ang Kanyang kapangyarihan para sa sariling kapakinabangan. Ngunit hindi nahulog si Jesus sa kanyang patibong. Sinabi Niya, "Nasusulat: 'Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao, kundi sa bawat salita na nanggagaling sa bibig ng Diyos.'" Ipinapaalam Niya na mas mahalaga ang sumunod sa Diyos kaysa sa pansariling kaginhawaan.

Ngunit hindi tumigil si Satanas. Dinala niya si Jesus sa isang mataas na lugar at ipinakita ang lahat ng kaharian ng mundo. Sinabi ni Satanas, "Ibibigay ko sa Iyo ang lahat ng kapangyarihan at kaluwalhatian ng mga kahariang ito kung sasamba Ka sa akin. Ang lahat ng ito ay ibinigay sa akin, at maaari ko itong ibigay kanino ko man gusto."

Nanatiling matatag si Jesus. Sumagot Siya, "Nasusulat: 'Ang Panginoon mong Diyos lamang ang dapat mong sambahin at paglingkuran.'" Alam ni Jesus na ang Diyos lamang ang karapat-dapat sambahin, anuman ang ialok ni Satanas.

Sa huli, dinala ni Satanas si Jesus sa pinakamataas na bahagi ng templo sa Jerusalem. Hinamon Niya si Jesus, "Kung Ikaw ang Anak ng Diyos, tumalon Ka mula rito. Nasusulat, 'Uutusan ng Diyos ang Kanyang mga anghel na ingatan Ka, at bubuhatin Ka nila upang hindi masugatan ang Iyong mga paa sa bato.'"

Hindi rin nangyari ang nais ni Satanang. Sumagot si Jesus, "Sinasabi: 'Huwag mong susubukan ang Panginoon mong Diyos.'" Lubos na nagtitiwala si Jesus sa Diyos at tumanggi Siyang gumawa ng anumang bagay para lamang patunayan kung sino Siya.

Pagkatapos ng tatlong hindi matagumpay na panunukso, sumuko si Satanang at iniwan si Jesus at naghintay ng ibang pagkakataon. Dumating ang mga anghel at pinaglingkuran si Jesus.



Napaharap si Jesus sa mga tunay na tukso. Sa kabila ng mga pagtatangka ni Satanang na linlangin Siya, lubos na nagtiwala si Jesus sa Salita ng Diyos at nanatiling masunurin, sa pamamagitan ng pagtugon sa bawat tukso gamit ang Kasulatan. Ipinakita niya ang kapangyarihan ng pag-alam at paggamit ng Salita ng Diyos kapag nahaharap sa mga hamon. Kahit sa gutom at pagod, pinili ni Jesus na parangalan ang Diyos kaysa sa Kanyang sariling kaginhawahan, na binibigyang-diin ang kahalagahan na unahin ang Diyos, gaano man ito kahirap.

